



# MAGHANDA SA NAGYEYELONG TEMPERATURA AT PAGBAGSAK NG SNOW



**Manood ng mga balita sa lagay ng panahon para sa posibleng nagyeyelo o ubod ng lamig na temperatura at snow. Ang mga patnubay na ito ay makakatulong sa iyong makapaghanda bago ang nagyeyelong lamig at snow.**

## Pansariling Paghahanda

- Gamitin ang Take Winter By Storm Checklist (listahan ng mga gawain) para maghanda sa isang emergency kit (kagamitan para sa emerhensiya), kasama ang radyo, plaslayt, dagdag na mga baterya, isang first-aid kit (pangunang lunas na mga gamit), impormasyon ng emerhensiya na kontak, tubig at hindi napapanis na pagkain. Maaari mong mahanap ang detalyadong listahan sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org).
- Maghanda ng mga makakapal na damit at mga dagdag na kumot na abot kamay sa bahay, trabaho at sa iyong sasakyan para magamit sa kaganapan ng isang emerhensiya para mabawasan ang lamig.
- Ilayo ang mga nadadala-dala na pampainit mula sa mga kagamitan sa bahay, mga kurtina at iba pang mga maaaring lumiyab na materyal.

## Pagpapanatili ng pag-iingat sa Bahay sa Panahon ng Taglamig/Pagyeyelo

### Bago dumating ang lamig...

- Lagyan ng insulasyon ang mga tubo sa mga crawl spaces o magagapangan na espasyo at attic ng iyong bahay. Ang mga nakalantad na tubo ay ang mga pinakamadaling tablan ng pagyeyelo. Tandaan - mas maraming insulasyon ang iyong gamitin, mas magiging protektado ang iyong mga tubo.
- Ang mga heat tape o nakokontrol ng thermostat na mga heat cable ay magagamit para ibalot sa mga tubo. Tiyakin na gumamit ng mga produktong naaprubahan ng isang independiyenteng samahan na nagsusuri, tulad ng Underwriters Laboratories Inc., at para lamang sa nilalayong paggamot (exterior at interior). Mainam na sundin ang lahat ng mga instruksyon ng manufacturer sa pagkakabit at paggamit.
- Tapalan ang lahat ng mga tumutulo na nagpapapasok sa malamig na hangin kung saan matatagpuan ang mga tubo. Maghanap ng mga sumisingaw na hangin sa palibot ng kuryenteng wiring (kawad) o kable, mga dryer vent (singawan) at tubo. Gumamit ng caulk o pikpik o insulasyon para mapanatiling hindi pumapasok ang malamig na hangin at nakukulong ang mainit sa loob. Sa matinding lamig, kahit na ang maliit na butas o pasukan ay maaaring magpapapasok sa sapat na malamig na hangin na magdudulot ng pagyeyelo ng tubo.
- Balutan ang mga panlabas na tubo at gripo para hindi magyelo ang mga ito.
- Tanggalin sa pagkakakonekta ang mga hose na pang-hardin at, kung praktikal, gumamit ng panloob na balbula para isara at unti-unting ubusin ang tubig mula sa mga tubo na patungo sa mga panlabas na gripo. Nagpapabawas ito ng mabilis na pagyeyelo ng tubo sa loob ng bahay.

### Kapag bumagsak ang temperatura...

- Maaaring kahit ilang patak ng mainit at malamig na tubig ang kinakailangan para hindi magyelo ang iyong mga tubo. Pahintulutan na tumulo ang mainit-init na tubig magdamag, mas mainam kung mula sa isang gripo na nakakabit sa panlabas na pader.
- Buksan ang mga pintuan ng kabinet para mapahintulutan na makapasok ang hindi nalagyan ng insulasyon na mga tubo sa ilalim ng mga lababo at mga appliance na malapit sa mga pader sa labas.
- Linisin ang iyong mga bangketa mula sa snow at yelo gamit ang asin, de-icer (pampatunaw ng yelo) at/o pagpapala ng snow para maiwasan ang mga pinsala sa iyong ari-arian.
- Huwag pahintulutan na maipon ang snow sa mga ibabaw ng mga gamit na maaaring masira o magiba.

### Bago ka umalis ng bahay para bumiyah...

- Itakda ang thermostat sa iyong bahay ng hindi bababa sa 55°F (12°C).
- Tanungin sa kaibigan o kapit bahay na tingnan araw-araw ang iyong tahanan para masiguro na sapat ang init nito para maiwasan ang pagyeyelo.
- Isara at unti-unting ubusin ang sistema ng patubig. Alamin na kung ikaw ay may fire protection sprinkler (proteksyon mula sa sunog na pandilig) na sistema sa iyong bahay, ito ay hindi gagana kapag sinara mo ang tubig.

**Kapag dumating na ang nagyeyelong temperatura at snow, tiyakin muna ang sarili mong kaligtasan. Tapos ay tingnan ang pamilya, mga kaibigan, at mga kapit-bahay para tiyakin na sila ay nasa mabuting kalagayan.**